10. Humukay ng pangpigil sa bumababang lupa na may sukat na .5m ang lalim, 1m ang lapad at 1m ang haba sa loob ng kanal daluyan.

Mga gamit na kailangan sa paggawa o' pagtatag ng *Contour Farm*

1. Bareta o' matibay at matulis na panghukay
2. Pala
3. Bolo
4. Pangtulos, estaka o' *Stakes*
5. Asarol
6. Kalabaw
7. Araro
8. "A" Frame



Mga Kahalagahan ng Pagsasaka sa Lugar na Dahilig

1. Pumipigil sa pagkaagnas ng lupa.



2. Pumipigil sa tuloy-tuloy na pagdaloy ng tubig-ulan at napapanatiling bahagyang basa ang lupa na kailangan ng tanim.



3. Napapanumbalik ang taba ng lupa.



4. Nagiging maayos ang kapaligiran at nagbibigay ng karagdagang ani at kita.

Department of Agriculture
BUREAU OF SOILS AND WATER MANAGEMENT

Paraan sa Pangangalaga ng Lupa at Tubig sa Dahilig na Sakahan



Soil Conservation Division
Elliptical rd. cor. Visayas ave.,
Diliman, Quezon City

Pagyamanin: Lupa at Tubig
Laban sa Kahirapan

1. Markahan ang linya na pantay-pantay ang taas sa pamamagitan ng "A" frame mula sa tuktok ng burol.

2. Linangin ang markadong linya para mabuo ang tudling..

3. Hukayin ang lupa sa tudling (.5m ang lapad at .5m ang lalim)

4. Ilagay ang lupang hinukay sa ibabaw ng kanal para magsilbing panangga.

5. Taniman ng "Napier" na damo o' N-fixing na mga kahoy sa bandang itaas ng kanal.

6. Gumawa ng kanal na may sukat na .5m ang lapad at .5m ang lalim na magsisilbing daluyan ng tubig mula sa *contour* kanal.



7. Ang kanal daluyan ay dapat dadaan mula sa taas pababa ng burol.



8. Gumawa ng "check dams" sa kanal daluyan at ibaon sa lupa ang mga estaka.



9. Isalansan ang mga biniyak na kawayan o' maliliit na sanga sa nakabaon na estaka.